PULANG SILANGAN
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON
OKTUBRE - NOBYEMBRE 2022

# Biguin ang pinalaking papel ng PNP sa pasistang kampanya ng rehimeng US-Marcos II

***Walang patlang ang pasistang atake sa mamamayan. Mula sa rehimeng US-Duterte ay pinatitindi pa ng rehimeng US-Marcos II ang pandaraluhong sa kabuhayan at demokratikong karapatan ng mamamayan. Bagamat wala pang inaanunsyo na bagong OPLAN ang rehimen, napakalinaw ang intensyon nitong higitan pa ang mga kampanyang panunupil ng mga naunang rehimen.***



Pagkaupo ni Rodolfo Azurin Jr. na Chief ng PNP nitong Agosto, agad niyang inanunsyo ang deployment ng SAF-PNP sa Gitnang Luzon at Cagayan Valley para sa programang RPSB o "Revitalized-Pulis Sa Barangay". Layunin nitong isustini ang mga inabot na gawain ng Community Support Program (CSP) ng AFP sa mga baryong tinataya nilang may presensya at impluwensya ang CPP-NPA-NDF.

Gaya ng CSP, ang RPSB ay nagsasagawa ng operasyong paniktik, kombat at saywar na nakatuon sa mga sibilyan, mga progresibong samahan at mga kalaban sa pulitika ng naghaharing rehimen. Tinatawag nila ang mga baryong pinapakatan na GIDAS o "Geographically Isolated and Disadvantaged Areas". Gaya ng AFP, ipinapailalim sa otoridad ng kapulisan ang populasyong sibilyan.

Kinokontrol ang aktibidad sa produksyon, nililimitahan ang pagkain na pwedeng dalhin sa mga pook obrahan, binabawal ang pagtitinda sa mga interyor na pook, tinatakdaan ng karpyu at inoobliga silang ipresenta ang sarili sa kapulisan sa paglabas at pag-uwi sa baryo. Pinanghihimasukan ang implementasyon ng mga proyekto ng iba't ibang ahensya ng reaksyunaryong gubyerno -- pamamahagi ng relip o ayuda, mga proyektong reforestation, medikal, pati ang takbo ng pulitika sa mga baryo. Sila ang tagapagpatupad ng batas militar sa baryo.

Kapansin-pansin din ang pagbibigay ng partikular na pansin ng PNP sa papel ng Simbahan sa kampanyang kontra-insurhensya.

Ito ang programang KASIMBAHAYAN (KApulisan, SIMBAhan at PamaYANAN).

Kamakailan lang ay serye ang harasment na isinagawa ng mga ahente sa saywar ng estado sa mga taong simbahan sa Gitnang Luzon. Binabantaan at ginigipit ang ilang mga pastor, pari, madre, at pinipilit na maging ahente nila sa paniktik laban sa rebolusyonaryong kilusan, at maging sa mga progresibong taong simbahan na tinataguriang "pulahan" o naka *red-tagged* sa militar at Pulis.

Habang parang sirang plaka na inaanunsyo ng AFP at PNP ang diumano'y paghina ng rebolusyonaryong kilusan ay pinasisinungalingan naman ng aktwal nilang kondukta ang kanilang pahayag. Sa katunayan, nagsusumamo si Bong-Bong Marcos Jr. ng dagdag na ayudang militar sa imperyalistang US para pandurog sa rebolusyonaryong kilusan na higit na lumalakas at tumitibay sa kabila ng pinaigting na pasistang atake.

Napakarami ng OPLAN, samu't saring katawagan, at mga estratehiya at taktika kung paano dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan. Gayunman, paulit-ulit din itong mabibigo. **Hindi kailanman madudurog ang CPP-NPA-NDF, sapagkat ito ay binubuo, tinataguyod at minamahal ng mamamayang nakikibaka para sa tunay na kalayaan at demokrasya.** 🔥

---




# BIGUIN ANG KASIMBAHAYAN!

## BIGUIN ANG PROGRAMA NG PULISYA PARA GAMITIN ANG TAONG-SIMBAHAN SA OPERASYONG SAYWAR!

Kamakailan lamang ay pinangunahan ni PNP Chief Rodolfo Azurin Jr. ang paglulunsad ng KASIMBAHAYAN o KApulisan, SIMBAhan at PamaYANAN. Ayon sa kanilang pahayag, ang programang ito ay may layuning "patatagin ang ugnayan ng mga pulis at ng taumbayan". Mahalaga umano ito para matiyak nag "kapayapaan, kaayusan at kaligtasan" ng publiko. Ayon mismo kay Azurin, "Ang SIMBAHAN ang siyang magsisilbing tulay sa pagitan ng PNP at pamayanan upang matagumpay na maisakatuparan ang mga batas at programa ng pamahalaan."

Dagdag pa, nakatala na trabaho ng kanilang Technical Working Committee ang sumusunod: pangangalap ng datos sa mga komunidad, pagpaplano at pagpapatupad ng mga aktibidad na kaugnay ng Retooled Community Support Program (RCSP) upang pigilan ang komunismo, insurhensiya at "terorismo".

*Hindi nila pansin ang kahirapan ng aking bayan. Ang sabi nila, 'Payapa ang lahat', gayong wala namang kapayapaan. Ikinahiya ba nila ang kanilang masamang gawa? Hindi! Hindi na sila marunong mahiya! Makapal na ang kanilang mukha. Kaya nga, babagsak sila tulad ng iba. Ito na ang kanilang magiging wakas kapag sila'y aking pinarusahan. Ito ang sabi ni Yahweh.*

Kapansin-pansin din na ang bumubuo ng pamunuan ng KASIMBAHAYAN sa bawat bayan (Oversight Committee) ay pinamumunuan ng Deputy Provincial Director bilang Chair at DILG Provincial Director bilang Co-chair. Miyembro din ng pamunuan ang kinatawan ng provincial PDEA, AFP Civil Military Officer, Provincial Committee for Peace and Order, Provincial Liga ng Brgy President, atbp.

**Malinaw na ang layunin ng kapulisan sa paglulunsad ng KASIMBAHAYAN ay upang gamitin ang SIMBAHAN o ang komunidad ng mga manampalataya bilang instrumento ng kanilang pagpapasunod, panunupil at pagsasamantala sa mamamayan.** Malinaw ito sa kanilang isinaad na layunin, itinakdang mga aktibidad at binuong istruktura't pamunuan. Layunin nitong gamitin ang simbahan bilang tulay para pasunurin ang mga tao sa programa at batas ng pamahalaan na kadalasa'y kontra-mamamayan. Ang mga aktibidad nito ay nakakubli bilang "maka-Diyos" ngunit walang pinag-iba sa gawaing paniktik at saywar ng mga pulis. Makikita rin na palamuti lamang sa KASIMBAHAYAN ang ilang taong simbahan at iba pang sektor na kalahok. Ang tunay na mapagpasiya sa plano't programa nito ay mga opisyal ng reaksyunaryong gobyerno, militar at pulis.



Ang ganitong taktika ay hindi na bago sa kasaysayan. Mula pa sa kung papaanong ginamit ng mga mapagsamantalang hari ng bayan ng Israel ang mga huwad na propeta para sang-ayunan ang kanilang mga pasiya. Isa sa maraming halimbawa nito si haring Ahab ng Israel na ginagamit ang 400 bulaang propeta na umaayon sa kaniyang planong salakayin ang Ramot-gilead. Sa kabilang banda, ang totoong propeta na si Micaya na nagpahayag ng tunay na mensahe ng Diyos ay kinagalitan ng hari at ikinulong (1 Hari 22: 6-12 - Ang Hula ng mga Bulaang Propeta).

Mula sa mga propeta sa lumang tipan hanggang sa mga apostol ni Jesus at si Jesus mismo ay dumanas ng pang-uusig, pagkakabilanggo at marahas na kamatayan.

Sa kasaysayan mismo ng lipunan Pilipino, ang mapagpalayang mensahe ng Diyos ay binaluktot ng mga naghaharing uri upang gamitin sa kanilang pananakop at pagsasamantala. Ginamit ng mga Kastila ang relihiyon at dahas o krus at espada para sakupin ang mga Pilipino. Ang mabuting balita ng Diyos na para sa kalayaan, katotohanan at katarungan ay ginamit para pang-aalipin, kasinungalingan at pagsasamantala. Gamit nila dito ang mga prayleng Kastila na walang pinag-iba sa mga bulaang propeta sa Biblia. At ang mga tunay na tagapaghatid ng mapagpalayang mensahe ng Diyos tulad ng mga paring GomBurZa (Gomez, Burgos, Zamora) ay inusig, ikinulong at pinaslang.

Hanggang sa kasalukuyang panahon, ang mga programa tulad ng KASIMBAHAYAN ay desperadong kaparaanan ng mga naghaharing uri sa lipunan - ang mga burukrata kapitalista sa gobyerno, ang mga panginoong maylupa at burgesya kumprador ng mga imperyalista - upang gamitin ang Diyos at mga taong simbahan upang linlangin ang sambayanan para sa kanilang makasariling interes. Kaakibat ng panlilinlang ay ang dahas sa mga taong bigo silang masupil. Hanggang ngayon ay gamit pa rin ng estado ang krus at espada, patuloy ang mahabang listahan ng mga tinatakot, kinakasuhan, ibinibilanggo at pinapaslang na mga taong simbahan na matatag na nakikibaka kasama ang mga api at pinagsasamantalahan.

Ang Gitnang Luzon ay pinapula ng dugo ng mga Kristiyanong rebolusyonaryong pinaslang ng estado tulad nila Pastor Andy Pawican (2006) ng UCCP na aktibong lumalaban sa pagpapalayas sa mga katutubong Igorot sa Pantabangan, si Bishop Ramento (2006) ng IFI na matapang na nanindigan sa panig ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita, ang misyonerong Dutch na si Willem Geertman (2012) na apat na dekadang naglingkod sa piling ng mga abang Pilipino at nitong huli ay si Father Tito Paez (2017) ng simbahang Katoliko na buong pusong nagmalasakit sa mga sambayanan. Siya ay mapangahas at matiyagang tumulong sa mga bilanggong pulitikal hanggang sa kaniyang huling hininga.

**Nananatiling tungkulin ng simbahan, ng komunidad ng mga mananapalataya kay Cristo, ang pinakadakilang utos ng Diyos: mahalin ang Diyos at kapwa (Matt 22: 37-40). Lalo na ang pinaka-aba, inaapi at pinagsasamantalahan (Matt 25:40).**

Isinugo ng Diyos si Jesus upang: "..dalhin ang Magandang Balita sa mga inaapi, upang pagalingin ang mga sugatang-puso, upang ipahayag sa mga bihag at mga bilanggo na sila'y lalaya." (Isaias 61:2). At gayundin, isinusugo tayong lahat upang magdala ng liwanag ng katotohanan, katarungan at kalayaan sa bulok na lipunang ito. Matatag nating ilantad at labanan ang programang KASIMBAHAYAN at lahat ng mapanlinlang na programa ng gobyerno, pulis at militar.

Imulat natin ang sambayanan at gayundin ang mga pangkaraniwang pulis at militar na huwag magpasilaw sa salapi tulad ni Judas. Bagkus ay tumiwalag sila sa institusyon kung saan sila ginagamit para pagsamantalahan, saktan at paslangin ang kanilang kapwa. Ang nais ng Diyos ay hindi ang paimbabaw na pananampalataya, kundi ang manindigan tayo sa katuwiran at kumilos tayo upang padaluyin ang katarungan tulad ng rumaragasang ilog ng sambayanang nakikibaka para sa tunay na kalayaan. Dakilang misyon natin ang pagpawi ng pagsasamantala ng tao sa tao! 🔥

*"Namumuhi ako sa inyong mga handaan, hindi ako nalulugod sa inyong mga banal na pagtitipon... Hindi ko matatanggap ang inyong mga handog... Tigilan niyo na ang maiingay na awitan; ayoko nang marinig ang inyong mga alpa. Sa halip padaluyin ninyo ang katarungan, gaya ng isang ilog; gayundin ang katuwiran tulad ng isang hindi natutuyong batis - Amos 5: 21-24*

# Epidemya ng kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno

*Kumpara sa COVID, mas nakakamatay ang kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno.*

Nitong nakaraang Nobyembre 2022, napasailalim sa State of Calamity ang probinsya ng Aurora dahil sa mga naitalang kaso ng Cholera. Apat ang namatay at higit 200 ang nagkasakit mula sa Brgy. Bayanihan at Brgy. Cadayacan, Aurora. Kasunod lang halos ito ng epidemya sa Brgy. Upper Lumutan sa General Nakar Quezon, kung saan anim na Dumagat ang namatay sa 38 kaso ng pagtatae.

Ang kolera ay isang klase ng impeksyon sa maliit na bituka dala ng bakteryang Vibrio cholerae. Nakukuha ang sakit na ito, gaya ng tipus, kung makainom o makakain ng tubig o pagkain, lalo na ng pagkaing dagat, na kontaminado ng bakteryang ito. Ang bakteryang ito ay gumagawa ng lason (exotoxin), naiirita nito ang bituka para maglabas ng maraming tubig na nagreresulta sa matinding pagsusuka at pagtatae. Maaaring umabot sa 15 litro ng tubig ang mailalabas sa loob ng 24 oras. Maaaring ikamatay ito ng mga 50% ng mga pasyenteng hindi nagagamot.

**Kung tutuusin, ang kasong ito ay napakadali lang sanang gamutin kung maagapan. Madali lang din itong iwasan kung nakakarating sana sa mga naturang pamayanan ang karampatang serbisyong panlipunan gaya ng malinis na inuming tubig, serbisyong medikal at sapat na pagkain at nutrisyon.**

**Kakatwa na nangyari ang mga epidemyang ito sa mga lugar na pinamumugaran ng Phil. Army.**

Karaniwang katwiran ng sundalo na kaya sila nagkakampo at nag-ooperasyon sa mga baryo ay para maghatid ng serbisyo publiko. Pero karaniwang reklamo din ng mga masa sa mga baryong may namumugad na army at pulis ay ang kawalan ng disiplina ng mga ito. "Mga dugyot! Kung saan-saan lang binubulagta ang kanilang mga tidok! Dinudumihan nila pati tubig namin," pahayag ng isang magsasakang nakapanayam ng Pulang Silangan. Dagdag pa niya,

*"Buti pa ang mga NPA, matiyagang nagbibigay sa amin ng edukasyong pangkalusugan at katuwang pa sa pagtitiyak ng kalinisan sa baryo. 🔥"*

*Bukas na liham para sa mga*

# CAFGU

## (CIVILIAN ARMED FORCE GEOGRAPHICAL UNIT)

*Pagbati mula sa CPP-NPA!*

**Hinihikayat namin kayo na umalis sa CAFGU.**

**Ang CAFGU ay para-militar ng AFP.** Pandagdag pwersa sa trabaho ng army. Pinoposte sa mga detatsment at kasa-kasama ng army sa arawang trabaho nito. Gwardya sa mga minahan, ginagawang kalsada, konstruksyon ng mga dambuhalang dam at iba pang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno at mga pribadong korporasyon. Anumang oras na kailangan ay isinasama sa mga operasyong kombat at paniktk.

**Ang CAFGU ay ginagamit na instrumento sa panunupil.** Inihaharap sa kapwa magsasaka na tumututol sa mga proyektong mapangwasak sa kalikasan, mapandambong sa yaman ng bansa at mapangamkam sa lupa ng magsasaka.

**Ang CAFGU ay utusan ng militar.** Sunod-sunuran sa inuutos ng among opisyal. Pinauuna sa pila sa panahon ng operasyong militar. Una ring pinasusugod sa kuta ng kalaban.



**Ang CAFGU ay ginagamit para wasakin ang pagkakaisa ng taumbaryo.** Naghahasik ng pagdududa sa pagitan ng mga sibilyan na nagpapahayag at/o naggigiit ng kanilang demokratikong karapatan at kagalingan.

Lubos naming nauunawaan na marami sa inyo ay naganyak na mag-CAFGU dahil sa pangakong sweldo at benipisyo ng army. Gayunman, kakambal ng unipormeng inyong suot ang poot ng mamamayan sa sandatahang pwersa ng estado na nandarahas at sumusupil sa populasyong sibilyan.

**Ang mga CAFGU na naka-duty, kagaya ng iba pang paramilitar at regular na pwersang militar ay lehitimong target ng aksyong militar ng NPA.** Ang mga CAFGU na mapapatunayang may kasong kriminal, aktibo sa saywar at gawaing paniktik laban sa mamamayan at rebolusyunaryong kilusan ay lilitisin at gagawaran ng karampatang kaparusahan batay sa bigat ng kanilang kasong nagawa.

**Umalis na kayo sa CAFGU.** Hindi ninyo kalaban ang kapwa magsasaka na naghahangad ng tunay na reporma sa lupa. Hindi ninyo kalaban ang CPP-NPA na kasama at katuwang ng inyong kapamilya at kababaryo sa pakikibaka para sa tunay na pambansang paglaya at demokrasya.

Ang tunay na kalaban ay ang estado na kinakatawan ngayon ng rehimeng US-Marcos Jr, ng mga kasapakat nitong panginoong maylupa, malaking burgesya kumprador, at ang amo nitong imperyalistang US. Ituon ang sandata sa tunay na kalaban ng mamamayan!

**Umalis na kayo sa CAFGU.** Kayo, na kabilang sa masang anakpawis na inaapi at pinagsasamantalahan ay hinihikayat namin na makiisa sa panig ng higit na nakararaming mamamayan na naghahangad ng pambansa demokratikong pagbabago.

***Bukas ang CPP-NPA na makipag-ugnayan sa inyo. Handa kaming pakinggan ang sirkumstansya ng inyong pag-CAFGU. Bukas din kami sa mga posibleng pakikipagtulungan, batay sa inyong kahandaan. Umasa kami sa inyong positibong tugon.***

**JOSEFINO CORPUZ COMMAND – BHB GL**

# GERALD "Ka Mat" SALONGA



bayani ng sambayanan

Suot ang malaking sunglass, fit na pantalon at kakaibang t-shirt mula sa ukay-ukay, nakalugay ang mahabang uma-alun-alon na buhok, habang hinihithit ang yosi na hiningi sa kaibigan, mukha siyang "cool" na artist o rockstar na tila walang pakialam sa mundo. Ang totoo, artista talaga siya -- magaling kumanta at mag-gitara, magdrowing at magpinta, magsulat ng mga tula at sanaysay, umarte at sumayaw. Pero gaya ng laksa-laksang estudyante na pinagsasamantalahan ng bulok na sistema, nangangarap din siya ng pagbabago sa lipunan at ng sariling kabuluhan sa mundo.

At nahanap niya ang kanyang kabuluhan sa mundo. **Siya si Gerald Salonga, Geary, Jiri o Jay kung tawagin ng kanyang mga kaibigan. Iskolar ng bayan sa University of the Philippines-Diliman Extension Program Project (UPDEPP).** Aktibo sa kapatiran ng Sigma Kappa Pi Fraternity. Tipikal na maralitang kabataan na nangarap makaahon sa kahirapan.

Subalit para sa naghaharing estado, krimen ang paghahangad ng tunay na kalayaan at demokrasya. Pinapaslang, kinukulong, tinotortyur ang mga aktibista.

Kasagsagan noon ng pananalasa ng Oplan Bantay Laya ng pasistang rehimeng US-Arroyo sa pangunguna ng berdugong si Palparan. Sa Angeles kung saan siya naninirahan ay sinunog ang opisina ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN). Hinuli ang mga lider ng PISTON na naglunsad ng Transport Strike. Pinaslang ang lider ng mga maralitang lungsod at maging ang matandang babaeng lider ng mga manininda sa palengke na si Nanay Petdang ay tinortyur. Dinukot at hindi na inilitaw ang kapwa niya estudyante ng UP na sina Karen Empeño at Sherlyn Cadapan. Kahit mga legal na kaparaanan para magprotesta ay sinisikil. Labas-pasok ang mga militar sa kanilang kampus at ipinasara na ang "Frontliner," ang kanilang publikasyon.

Ilan sa mga kapwa niya aktibista ay naglaylo sa pangamba sa kanilang buhay at kaligtasan. Ang ilan ay kumilos sa hanay ng manggagawa at ng maralitang lungsod. Kabilang siya sa ilang lumisan sa eskwelahan para maging fulltime na organisador ng kabataan at ng iba pang sektor. At may ilan din, na kanyang napag-alaman ang "namundok" at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Isa sa ilan na kanyang nalaman ay ang kanyang "sis" na si Gemmalyn Lacadin, na

nasawi sa labanan sa militar noong 2008 sa probinsya ng Tarlac. Sa gabi ng pagpaparangal sa kabayanihan ni ka Gemma ay kanyang naunawaan ang karangalan ng pagbubuwis ng buhay para sa bayan at ang kabuluhan ng armadong paglaban. Sa okasyong iyon, narekrut siya na kasapi ng Kabataang Makabayan.

Noon, kagaya ngayon ay marami pa rin ang nagpasyang alpasan ang takot sa terorismo ng estado. Kabilang si Gerald sa piniling ipusta ang buhay para sa sosyalistang kinabukasan kaysa manahimik, magpasibo at sarili lang ang isipin. Silang mga kasapi ng Kabataang Makabayan ay nagpunyagi sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusang masa sa lungsod, mahigpit na nakaugnay sa batayang masa, at sa kilusang magsasaka at armadong pakikibaka sa kanayunan.

Taong 2011 ay tumungo siya kanayunan para sumapi sa NPA-Gitnang Luzon. Sa loob ng NPA na rin siya naging ganap na kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Kahit noong mabihag siya ng kaaway noong 2014 ay ipinakita niya ang katapatan sa rebolusyon. Hindi siya bumigay sa pananakot, pananakit, at panlalansi ng kaaway. Wala ni isang impormasyon ang napiga sa kanya, wala siyang ipinahamak na masa at mga kasama. Habang nakakulong, kasama ng iba pang bilanggong




pulitikal ay nakibaka sila para igiit ang saligang karapatan at kagalingan ng mga preso. Napadagdagan nila ang rasyon ng pagkain, naigiit ang regular na check-up ng mga preso at napataas ang presyo ng mga nilalalang basket ng mga nasa kulungan. Lumikha rin sila ng napakaraming likhang-sining na nagtatanghal sa kalagayan at kabayanihan ng sambayanan.

Nang makalaya sa kulungan noong 2016 ay walang pag-aatubili siyang bumalik sa kanayunan

***Nakilala siya ng masa at mga kasama sa pangalang Ka Brent, Ka Jeff, Ka Simon, Ka Mat, Ka Dang, Ka Elsa, Ka Andoy, at Ka Estoy. Bilang pulang mandirigma at kadre ng Partido, ibinuhos niya ang kanyang kakayahan at kapangahasan sa gawaing pampulitika at gawaing militar.***

Walang kapaguran siya sa pag-oorganisa sa masa at pagpopropaganda sa mga kasama. Inilalapit niya ang kanyang sarili at ang rebolusyon sa masa at mga kasama sa iba't-ibang paraan -- mula sa kanyang matyagang paliwanag, pagsusulat ng mga tula at awit, mga likhang sining, at maging sa kanyang pagbibiro at kwelang pagsasayaw sa saliw ng mga rebolusyunaryong jingle/awit na likha ng mga kasama. Masayahin sa harap ng masa at kasama pero matapang sa pakikipaglaban sa kaaway.

bilang isang pulang mandirigma at kadre ng Partido. Sa kanyang pagbabalik ay higit pa ang kanyang determinasyon sa pagtupad ng tungkulin. Sa pinaigting na terorismo ng Rehimeng US-Duterte ay lalo lamang niyang pinanghawakan ang kawastuhan ng pagtangan sa pinakamataas na porma ng pakikibaka. Para sa kanya, wala nang mas marangal pang propesyon kundi ang maging sundalo ng mamamayang inaapi.




Inspirasyon ng mga kasama ang kwento ng kanyang buhay at pakikibaka. Nagwakas man ang kanyang buhay noong ika-2 ng Setyembre 2018 sa labanan sa tropang militar sa Barangay Villa Aurora, Maria Aurora, Aurora ay nananatiling buhay ang kanyang alaala at rebolusyonaryong adhikain. Walang kamatayan ang kanyang kabayanihan!

**Pagpupugay kay ka Gerald Salonga! Pagpupugay sa lahat ng Kabataang Makabayan!**🔥

# AYUDANG NAKAKADISMAYA

## "Nasaan ang bigas?"

Ang pamimigay ng ayuda ay naganap noong unang linggo ng Oktubre sa Brgy. Kalawakan sa Doña Remedios Trinidad, Bulacan na pawang mga masang Dumagat sa iba't ibang sityo nito ang pinatawag. Halos kasabayan din ito ng pamimigay din ng ayuda sa baryo ng San Mateo sa Angat, Bulacan na binabangka pa ng masa para makarating sa baryo.

Sa parehong okasyon ay litrato dito, litrato doon ang mga tropa ng 1st IB at 1st FSRR habang inaabot ang mga ayuda na mas malaki pa ang piktyur ng pulitiko na naka-imprenta sa plastic kaysa laman nito. Pero kasabay ng bigayan ng kakarampot na ayuda, sandamakmak na pang-uusisa ang nangyari. "May NPA daw sa baryo ninyo? Nagyayantok ka, malamang tagabili ka nila ng suplay no? Iligal ang hanapbuhay mo, kaya malamang kakampi mo ang mga taong-bundok. "

Nagtapos ang pagtitipon sa pangungumbinsi ng army na sumurender ang mga may kaugnayan sa NPA. "Magpalista kayo sa ECLIP at tutulungan kayo ng gubyerno," dagdag pa ng tagapagsalita. "Pagkakaperahan niyo lang kami!" sa loob-loob ni Amang.

Wala lang talaga silang makain kaya naobliga silang pumila sa relip. Hindi nila maibaba ang nakalap nilang yantok dahil malaki pa ang ilog. Wasak halos lahat ng mga bahay nila na gawa lamang sa kahoy at pinagsama-samang dahon ng anahaw at mumurahing tolda.

Walang ayudang dumarating sa mga pamayanang Dumagat, taliwas sa sinasabi ng army na sila ay nagsasagawa ng *releief and rescue operations* kaya sila *full battle geared* na nanghahalihaw sa hangganan ng kabundukan ng Bulacan-Aurora-Nueva Ecija matapos ang Bagyong Karding. Hindi rin tuloy makapag hanap buhay sa bundok ang masa dahil pinagbawalan nila. Sa halip, sila ang pinapunta sa mga baryo para kumuha ng ayudang limos.🔥

*yamot na tanong ni Amang. Isa lang siya sa mga ka-Balat na dumagsa sa pasigan para mag-abang ng relip. Sa katunayan ay doon na sila natulog para siguradong makauna sa pila kinabukasan. Kaya ganon na lang ang pagkadismaya nila nang ang matanggap na ayuda ay 2 pirasong nodels, 2 delata, 3 kape na 3in 1 at 4 na litrong inuming tubig.*



# CASECNAN DAM delubyo ang dulot sa buhay ng tribung Ilongot/Bugkalot

*Pagkasira ng kalikasan at kawalan ng kabuhayan — ito ang idinulot ng Casecnan Dam ng Amerikanong kumpanyang California Energy (CE) sa tribung Ilongot/Bugkalot. 28 taon mula nang maitayo ang Casecnan Dam sa lupaing ninuno, wala ni isa sa 20 pangakong benepisyo ng CE ang natupad.*

Kabilang sa mga ito ang pagkakaroon ng 1.5% bahagi sa netong kita ng Casecnan Multi-Purpose Irrigation and Power Project (CMIPP). Mula simulang itayo ang dam noong 1995, walang ibinigay maski piso ang CE sa Ilongot. Habang umaabot sa bilyong piso ang taunang kita ng CE na buo-buong naiuuwi ng dayuhang Amerikanong negosyante.

Wala ring bayad pinsala sa buhay at kabuhayan na winasak ng dam. Taon-taon, daan-daang libong piso ang nalalanos sa kabuhayan ng masa dahil sa pagkaanod ng mga kahoy, bangka, mga isda at alagang hayop. Dalawang kabataan at isang ginang na ang inanod at namatay nang biglang nagpakawala ng tubig ang dam. Hanggang sa kasalukuyan, wala pa rin nakatayong warning device.

Lumabag din sa kasunduan ang kumpanyang CE. Sa halip na 1.6% lamang ng tubig, ginamit nito ang kabuuang 49 bilyong kubiko metro ng tubig sa ilog Casecnan. Dulot nito, nasira ang natural na tirahan ng Ludong, isang klase ng isda na nagkakahalaga ng P4000-P5000 kada kilo at siyang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng masa sa lugar. Siyam na baranggay din mula sa Nagtipunan, Quirino at Brgy. Pelaway ng Alfonso Castañeda, Nueva Vizcaya ang napilitang huminto sa pangingisda dahil sa pagkatuyot ng ilog Casecnan.



Wala na rin halos isdang mahuhuli kahit pang ulam lamang ng mga masa. Sa halip na sakyan ang mga bangka, naoobligang hilain at itulak ito dahil sa pagkatuyot ng tubig sa ilog. Ilan lamang din ang naambunan ng pangakong scholarship ng kumpanya.

Makailang ulit nang idinulog ito ng tribu hanggang sa Malacañang ngunit walang tugon. Nito lamang Oktubre 2022, muling nagbarikada sa tarangkahan ng dam sa Brgy. Pelaway, Alfonso Castañeda ang tribung para igiit ang kanilang sa "20 demands" o 20 kasunduan sa pagitan ng kumpanyang CE at tribu. Matagumpay nilang napigilan ang pagpasok ng mga kagamitan ng kumpanya para patigilin ang mapaminsalang operasyon nito.

Tanging sa sama-sama at organisadong pagkilos lamang makakamit ng tribu ang inaasam nilang katarungan, bayad-pinsala at respeto o pagkilala sa karapatan nila sa lupaing ninuno na daan taon na nilang pinangangalagaan at ipinagtatanggol. 🔥

# Alam mo ba... ??




Noong 1960s itinayo sa Republic Central College (RCC), isang Katolikong eskwelahan sa Angeles City, Pampanga, ang kauna-unahang balangay ng Kabataang Makabayan (KM) sa Gitnang Luzon. Higit apat na dekada ang lilipas at makapagluluwal pa rin ito ng mga KM na tulad ni Gerald Salonga.

Ang Kabataang Makabayan (KM) ay itinatag noong Nobyembre 30, 1964 sa Maynila, kasabay sa paggunita sa kaarawan ng dakilang lider manggagawa at tagapagtatag ng Katipunan na si Andres Bonifacio. Isa itong rebolusyonaryong organisasyon na nagsusulong ng Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Noong Disyembre 25, 1964, matingkad ang papel na ginampanan ng KM sa rali ng 5,000 katao mula sa syudad ng Angeles at mga karatig-bayan sa Gitnang Luson upang tuligsain ang pagpaslang sa mga Pilipino sa loob ng mga base militar ng Estados Unidos at igiit na buwagin ang mga baseng ito.

Ang mga kasapi ng KM ay nagsikap na dumugtong sa nalalabing mahuhusay na kadre at kumander ng lumang hukbo, na nagbigay daan sa pagkakatatag ng New People's Army noong Marso 29, 1969.




## Likas na yaman ng Pilipinas, binibili sa dayuhan!



Alam niyo ba mga ka-Pulang Silangan na ang Casecnan Multipurpose Irrigation and Power Project (CMIPP) ng California Energy ay tumatanggap ng 109.1 milyong dolyar o mahigit limang bilyong piso kada taon mula sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas? Bakit? E kasi nga, pribadong pagmamay-ari nito ang tubig at kuryenteng nalilikha mula sa Casecnan Multi-purpose Dam.

Ang 72.7 milyong dolyar ay kabayaran mula sa National Irrigation Administration (NIA) at ang 36.4 milyong dolyar naman ay mula sa National Power Corporation (NAPOCOR).

Tsk! Tsk! Sarili nating yaman, hindi libreng napapakinabangan ng mamamayan.

# SPLIT pakanang manghati sa magsasaka

Ang SPLIT ay ang proyektong Support to Parcelization of Land for Individual Titling ng Department of Agrarian Reform. Bahagi ito ng implementasyon ng bogus na Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) na sinimulan ng rehimeng US-Cory Aquino at pinagpapatuloy ng mga sumunod na rehimen hanggang sa kasalukuyang rehimeng US-Marcos Jr .

Layunin ng SPLIT na hati-hatiin ang lupa na nabigyan ng collective CLOA at i-award muli sa mga indibidwal. Sa ganito, hihina ang kolektibong kakayahan ng magsasaka para ipagtanggol ang karapatan sa lupa. Mas madali na isa-isang pakitunguhan ang magsasaka para maagaw muli sa kanila ang lupa. Mas madali ring nakapagpapalusot ng mga pekeng benipisyaryo na nag-uudyok ng tunggalian sa hanay mismo ng mga magsasaka.

Target ng DAR na makumpletong mahati-hati sa indibidwal na pagpapatitulo ang 1,002,485 ektarya bago matapos ang taong 2022.

Ang SPLIT ay patunay sa kawalan intensyon ng naghaharing estado na magpatupad ng tunay na reporma sa lupa. Pagmamaniobra ito para makonsentrang muli ang malawak na lupa sa uring panginoong maylupa na kalakhan ay mga burukratang kapitalista din sa reaksyunaryong gubyerno.

Tanging sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan matatamo ang tunay na reporma sa lupa. Sa mga larangang gerilya kung saan nakatindig ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika ng mamamayan ay hakbang-hakbang na naipatutupad ang reporma sa lupa. Sa ganap na pagtatagumpay, kukumpiskahin ng Demokratikong Gubyernong Bayan ang lupa ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga dayuhang kapitalista at libre itong ipamamahagi sa mga magsasakang wala, o kulang ng lupa. 🔥

## *Mga likhang sining ng BHB - GL*






